

Hunyo 2025 Pulong ng Konseho - US

Sa panahong ito ng taon, marami sa mga tao ang nagtatapos na ng spring cleaning sa kani-kanilang bahay. Pero kung kagaya ninyo ako, baka kailangan ninyo ng kaunting motibasyon kada taon — isang paalala na simulan ang prosesong iyon.

Tulad nito, makakatulong sa atin ang paalala na magsagawa ng “spring cleaning” sa ating finances.

Gaya lang din ng kung paano nakakatulong ang spring cleaning sa inyong bahay na maisip na hindi na pala nababagay ang isang partikular na furniture sa inyong mga pangangailangan, puwede rin nating mapagtanto na panahon na para irekonsidera ang ating pinansyal na strategy kaugnay ng kasalukuyan nating sitwasyon sa buhay.

Halimbawa, ikinasal ba kayo kamakailan, nagkaroon ng anak, o lumipat ng career? May mga anak ba kayo na magkokolehiyo na, o magkakaroon na ba kayo ng apo? Baka panahon na para ikonsidera ang tungkol sa life insurance.

Kung may life insurance na kayo, kailan ninyo huling ni-review ang inyong policy? Mula lang ba sa inyong employer ang inyong coverage? Ngayon na ang pinakamagandang panahon para tiyaking tumutugma ito sa mga kasalukuyang pangangailangan ng inyong pamilya.

Nagsimula na ba kayong maghanda para sa retirement? Malapit man kayong magretiro o ilang dekada pa, puwede ninyong alamin ang higit pa tungkol sa mga annuity option na magbibigay sa inyo ng garantisadong kita.

Bukod pa rito, sa tulong ng aming affiliate na Knights of Columbus Asset Advisors (KoCAA), puwede ninyong ma-maximize ang inyong mga kontribusyon sa inyong mga retirement at investment account. Kung malapit na kayong magretiro, gusto ninyong tiyakin na ida-diversify ninyo ang inyong retirement portfolio at may tama kayong alokasyon ng asset na tugma sa mga kagustuhan ninyo sa risk at kita. Matutulungan kayo ng KoCAA na i-review ang inyong investment strategy para matiyak na nasa tama kayong landas para maabot ang inyong mga layunin sa retirement.

Baka makita ninyo na may mga nabago na pala sa buhay ninyo simula noong huli kayong nag-“spring cleaning.” Kahit matagal-tagal na simula noong huli ninyong ni-review ang inyong mga pinansyal na layunin — o kahit nagsisimula pa lang kayo — narito ako para tumulong. Mag-set up tayo ng panahon para makapag-usap at matiyak na mayroon kayo ng coverage na kailangan ninyo.

Salamat!

Post Script: Puwede ninyong puntahan ang KofC.org at KoCAA.org para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kung ano ang mga puwedeng direktang i-offer ng KofC at KoCAA sa mga miyembro

Ipinagpapalagay ng mga garantiya na nababayaran sa tamang oras ang lahat ng premium at nakabatay ang mga ito sa kakayahan ng issuer na magbayad ng mga claim. Maaapektuhan ng anumang policy loan ang mga garantiya sa pamamagitan ng pagbabawas sa death benefit at mga cash value ng policy.

Hindi lahat ng field agent ng KofC ay lisensyado bilang mga pinansyal na tagapayo sa KoCAA. Ang lahat ng tanong tungkol sa investment ay ipapasa sa isang lisensyadong pinansyal na tagapayo.

Ang Knights of Columbus Asset Advisors ("KoCAA") at Knights of Columbus ("KofC") ay mga entity na magkabukod na nagbibigay ng magkakahiwalay at magkakaibang product at service. Hindi inirerekomenda o ineendorso ng KofC ang KoCAA. Ang KofC ay hindi isang Rehistradong Tagapayo sa Investment at hindi ito nagbibigay ng pagpapayo sa investment. Para sa mga taong interesado sa mga service ng KoCAA sa pagpapayo sa investment, dapat silang makipag-ugnayan nang direkta sa KoCAA. Hindi nag-o-offer ang KoCAA ng insurance, at dapat idirekta sa KofC ang lahat ng tanong na may kaugnayan sa insurance. Ang impormasyong nakapaloob dito ay para lang sa pagbibigay ng impormasyon, at hindi ito idinisenyo para maging legal na payo, payo sa buwis, pinansyal na payo, o iba pang propesyonal na payo. Ang impormasyong ito ay para lang sa mga kasalukuyan o potensyal na investor sa U.S.

Ang KoCAA ay isang tagapayo sa investment na rehistrado sa SEC na may pangunahing lugar ng negosyo sa State ng Connecticut. Para sa impormasyon tungkol sa mga pangnegosyong operasyon ng KoCAA, pakikonsulta ang mga Form ADV disclosure document ng Firm, ang mga pinakabagong bersyon ng mga ito ay makikita sa website ng Investment Adviser Public Disclosure ng SEC sa adviserinfo.sec.gov. Ang KoCAA ay isang ganap na pag-aaring subsidiary ng KofC, isa sa pinakamalalaking Katolikong Organisasyong Laiko sa buong mundo. May kaakibat na risk ang pag-invest, at puwede kayong kumita o malugi sa mga investment ninyo. Ang status ng KoCAA bilang Rehistradong Tagapayo sa Investment ay hindi nangangahulugan ng pagkakaroon ng isang partikular na antas ng kakayahan o pagsasanay. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa KoCAA.org o sumulat sa kofcfunds@kofcassetadvisors.org.

Nag-o-offer ang KofC ng life insurance, mga annuity, at mga long-term care insurance at disability income insurance product. Para sa mga gastusin, termino, kondisyon, at kumpletong detalye tungkol sa mga product na ito, paki-contact nang direkta ang inyong agent o ang opisina ng KofC sa 1-800-380-9995. Puwedeng mag-iba-iba ang mga product depende sa state. Available ang mga insurance solution sa mga kuwalipikadong KofC member sa U.S. at Canada. Matatagpuan ang Knights of Columbus sa: One Columbus Plaza, New Haven, CT 06510.

20342 6/25